# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 30, 2023, LUNES, IKA-9:32 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President<br>Nasa lakad - opisyal |

RECEIVED 16 FEB 2023 Sangguniang Bayan Sta. Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 080-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHANG BARANGAY BLG. 139-T2022 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 11-T2022 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN TATLUMPU'T LIMANG LIBO DALAWANG DAAN DALAWAMPU'T TATLONG PISO AT LABING LIMANG SENTIMOS (P235,223.15) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2023 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY SAN PABLO SUR.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahang Barangay Blg. 139-T2022 / Kautusang Barangay Blg. 11-T2022 ng Barangay San Pablo Sur ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P235,223.15 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2023 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P164,656.21) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P70,566.94) ng Barangay San Pablo Sur, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahang Barangay Blg. 139-T2022 / Kautusang Barangay Blg. 11-T2022 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P235,223.15 para sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2023 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay San Pablo Sur.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 30, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 2-14-23
Punong Bayan

02143870